

# PROLOGUE

*M*atatamis ang ngiti sa mga labi ni Katrina nang pumasok sila ni Celia sa bahay ng isang dating kaklaseng ikakasal. Center of attraction siya; kakilala o hindi ay nakatuon ang tingin sa kanya.

Ang mga komento ng mga dati nang kakilala, ibang-iba na raw siya. Dati kasi ay para siyang isang geek kung kumilos. Sikat nga siya noon sa eskuwela dahil matalino siya, pero bibihira ang gumugusto sa kanya dahil sa pagiging tahimik at old-fashioned niya. Noon ay may makapal na eyeglasses na nakaharang sa kanyang mga mata, nakatirintas ang mahaba niyang buhok at wala siyang ibang gustong harapin kundi ang libro.

Pero ngayon ay moderna na siya at elegante. Naka-contact lenses na rin siya kaya lumitaw ang kanyang likas na ganda. Iyon ang nagawa sa kanya ng pitong taong pamamalagi sa America.

“Katrina? Ikaw ba talaga ‘yan?”

Inaasahan na niya ang reaction na iyon sa

babaeng ikakasal. "Yes, Cynthia. It's me."

"Wow! Ganda mo, ha!" anito, sabay hagod ng tingin sa kanya mula ulo hanggang paa. Nagkukumustahan sila nang lumapit ang lalaking pakakasalan nito. "Donald, Honey, mabuti at narito ka. Ipapakilala kita sa dati kong classmate. Of course, you already know Celia. And this is Katrina."

"Katrina?" Medyo napasingkit ang mga mata nito. "You look familiar."

Iniabot niya ang kamay kay Donald. Sa pagpunta sa okasyong iyon ay alam niyang makakatagpo niya ito. "I'm Katrina Aragon. Remember me?"

Ilang saglit ang lumipas bago nakapagpakita ng reaction ang lalaki. "Katrina Aragon? Wow! Hindi kita nakilala." Tinanggap nito ang kamay niya. "Nice meeting you again."

Ngumiti siya nang tipid. Hindi kasi niya magawang sabihin ang ganoon din dito. Napaghandaan man niya ang paghaharap na iyon, hindi niya nakakalimutang kabilang ito sa mga taong nagdulot ng sama ng loob sa kanya noon.

"I'm sure magugulat din si Raul kapag nakita ka."

"Well, palagay ko'y hindi niya ako makikita. Sa pagkakaalam ko hindi siya makakadalo sa occasion

na ito.”

“No, dadalo siya.” Bumaling ito sa pintuan. “As a matter of fact, he’s already here,” anito na kinawayan ang lalaking papasok sa sala ng bahay.

Malapit lang sila roon kaya kaagad nilang nakita ang lalaking tinutukoy ni Donald. Nagkatinginan sila ni Celia.

Iyon ang hindi napaghandaan ni Katrina, ang paghaharap nilang muli ni Raul. At lalong hindi niya napaghandaan ang malakas na pagtahip ng kanyang dibdib.

May kasama itong babae na nakaangkla sa braso nito. Pero hindi na iyon ang napagtuunan niya ng pansin kundi ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

Ilang sandali silang nagkatitigan. At parang umusbong na muli at nanariwa ang sama ng loob na akala niya ay naibaon na niya sa limot. At kasabay ng lahat ng iyon, isa-isa ring nagbalik sa kanyang gunita kung paano siya nito sinaktan....

# CHAPTER ONE

**A**ng nakaraan...  
Abut-abot ang bilin ng Ninang Mercy ni Katrina habang palabas sila ng bahay.

“Huwag ka ngang magtatawa riyang,” saway ng babae habang inihahatid ang inaanak palabas ng gate.

“Kayo kasi, eh. Araw-araw na lang iyan ang sinasabi n’yo. ‘Huwag ka munang magnonobyong, ang pag-aaral ang intindihin mo; huwag kang magpapalapit sa kahit na sinong lalaki para hindi ka mabola,’ etcetera, etcetera.”

“Gusto ko lang masigurong walang iistorbo sa pag-aaral mo. Nasa second year college ka pa lang.”

“Eh, di ba sinabi ko na sa inyo na wala naman akong balak na magnobyong.”

“Mas sigurado’yung lagi kang napapaalalahanan. Nakakarating yata sa akin’yung bali-balitang marami kang tagahanga sa eskuwela.”

“Dahil lang ho iyon sa performance ko sa academics. Pero hindi ho ako gugustuhin ng mga lalaki sa university.” Hinawakan niya ang dalawang

dulo ng itinirintas niyang buhok na nakalugay sa kanyang dibdib pagkatapos ay inayos ang pagkakasuot ng salamin sa mata. “Tingnan n’yo nga itong hitsura ko. Bulag lang ang magkakagusto sa akin, Ninang.”

“Hindi ako naniniwala.” Inayus-ayos nito ang kurbata ng suot niyang uniform. “Maganda kang bata. Hindi ka nga lang maporma gaya ng iba pero maganda ka.”

Napangiti siya. Hindi lang ang Ninang Mercy niya ang nagsasabi ng ganoon kundi ang Tita Agnes niya noong hindi pa ito nagpupunta sa America. Ganoon din ang kaibigan niyang si Celia. Para sa kanya, pinupuri siya ng mga ito dahil mahal siya.

Pero may isa pang tao na nagsabing maganda siya, si Raul Balajadia, isang senior student sa university na pinapasukan niya. At iyon ang mas naghahatid ng saya sa kanya.

“O, bakit tila natitigilan ka riyan?” puna ni Mercy sa pagtahimik niya. “At ngingiti-ngiti ka pa, ha!”

“Wala ho. Naaalala ko lang si Tita Agnes.”

“Bakit naman bigla mo siyang naalala?”

“Lagi ko ho talaga siyang inaalala para hindi ako makapagnobyoy,” biro niya. “Nagtatrabaho siya sa

America para mapag-aral ako. Inilalagay ko ho iyon lagi sa isip ko para hindi ako makagawa ng ikabibigo niya... ninyong dalawa.”

Napangiti na rin ito. “Mabuti naman. O, heto na ang mga libro mo. Lumakad ka na’t baka ka mahuli sa klase.”

Kinuha niya ang mga libro at humalik sa pisngi nito bago umalis na.

ULILANG LUBOS SI KATRINA. Unang namatay ang kanyang ama noong ipinagbubuntis pa lang siya. Ang kanyang ina naman ay nasawi mga ilang buwan pa lang siya nang mabinat ito sa panganganak. Pero kahit hindi niya nagnosisan ang mga tunay na magulang ay naging masaya naman ang kanyang kabataan dahil sa sobra-sobrang pagmamahal na ibinibigay sa kanya ni Agnes na pinsang-buo ng kanyang ina at ng kaibigan nito, ang kanyang Ninang Mercy.

Nang patuntong na siya sa high school ay nakakita ng pagkakataon si Agnes na makapagtrabaho sa America. Hindi nito pinalampas iyon sa paghahangad na kumita ng pera para sa pag-aaral niya. Naiwan siya sa piling ni Mercy na siyang

gumagabay sa kanya hanggang ngayon.

Bilang pagtanaw ng utang-na-loob sa mga taong nag-aruga sa kanya, ipinangako niya, hindi lang sa mga ito kundi pati sa kanyang sarili, na gagawin ang lahat para matupad ang mga pangarap ng dalawa sa kanya. Sa abot ng kanyang makakaya ay hindi niya bibiguin ang mga ito.

Pero nasusubok ang determinasyon niya kapag ang pinag-uusapan na ay si Raul Balajadia. As a teenager, hindi niya napigil ang sarili na magka-crush dito. Sino ba naman ang hindi hahanga sa lalaking iyon? Guwapo ito, makisig ang katawan, popular, mayaman at galing sa prominenteng pamilya. Ang lahat ng iyon ay dahilan kaya para itong minatamis na pinupuntirya ng maraming langgam.

Pero hindi niya hinahangad na tumulad sa mga babaeng siya pang unang nagpapakita ng motibo kay Raul. Katunayan, iisa lang ang tao na nakakaalam sa crush din niya ito. Iyon ay si Celia. Isa pa, alam niyang hindi magkakainteres sa tulad niyang baduy at old-fashioned ang binata. Katunayan, kahit makasalubong niya ito ay ni hindi ito nag-aaksaya ng panahon na sulyapan siya.

Pero noon iyon. Just two weeks ago, nabigla siya

nang lapitan siya nito habang mag-isa siyang nagre-review ng lesson sa ilalim ng isang puno sa loob ng campus.

“Ang sipag mong mag-aral. Kaya pala palagi kang topnotcher sa klase n’yo,” sabi nito na tumayo sa harapan niya.

Nagtaas siya ng ulo at nang masalubong ng tingin niya ang mga mata nito ay nakaramdam siya ng kaba.

“May exams ba kayo?” tanong nito habang nauupo sa kanyang tabi. Napakalapit nito sa kanya at halos sumagi ang braso nito sa braso niya.

Pakiramdam niya ay pinangangalisagan siya ng balahibo kaya lumayo siya nang bahagya. “O-oo, may exams kami. Kaya nga ako nagre-review, eh.”

“By the way, ako si—”

“Raul Balajadia. I know who you are.”

Ngumiti ito, lumitaw ang mapuputi at pantay-pantay na ngipin at kumislap ang mga mata, bagay na lalong nagpakabog sa dibdib niya. Iyon lang ang unang pagkakataon na napalapit ito nang ganoon sa kanya. *Ang guwapo pala talaga ng lalaking ito, aniya sa isip.*

“Talaga, kilala mo ‘ko? Paano mo ‘kong nakilala?”

“You’re popular. Everyone here knows you.”



“Well, I know you, too. Actually, noon pa kita kilala.” Lumingon ito na parang may tiningnan sa kanilang likuran pero hindi niya iyon sinundan. “Funny, isn’t it? We already know each other kahit wala namang nag-i-introduce sa atin sa isa’t isa. Hindi kaya may ibig sabihin ‘yon?”

Muli siyang napasulyap dito. Alam niyang may ibig itong ipakahulugan sa sinabi, base sa pagtitig nito sa kanya. Hindi lang niya alam kung ano iyon.

Mayamaya ay tumayo ito. “Hindi ko na aabalihin ang pag-aaral mo. Salamat na lang.”

“Salamat saan?” aniyang sinundan ito ng tingin.

“Sa... pagkausap mo sa akin. I confess, noon pa sana kita gustong lapitan at kausapin. Medyo alanganin lang ako kasi tahimik ka, palaging nasa isang sulok lang at laging libro ang kaharap. Baka ‘ika ko... suplada ka at... hindi mo ‘ko pansinin. Worried ako na baka sungitan mo ‘ko. I’m glad na hindi ka naman pala suplada.”

Dahil hindi niya alam kung ano ang sasabihin o iisipin ay nagbaba ulit ng tingin si Katrina. Nang muli siyang nagtaas ng ulo ay ngumiti ito bago siya iniwan.

## HINDI IYON ANG HULING PAGKAKATAON

na nilapitan at kinausap ni Raul si Katrina. Nasundan iyon ng maraming beses pa. Halos araw-araw ay napapansin niyang sadya siyang hinahanap nito para kahit saglit lang ay mabati. At sa pinakahuling dalawang beses na pagkausap nito sa kanya ay mayroon na itong ipinahiwatig na halos ikahimatay niya.

“I have fallen in love with you, Katrina,” sabi nito nang lapitan siyang muli sa parehong lugar kung saan siya nito unang kinausap.

“Huwag mo akong biruin ng ganyan,” pakiusap niya. Napakalakas ng dagundong sa kanyang dibdib.

“Sino ba’ng may sabling nagbibiro ako? Totoo ang sinasabi ko. Na-in love ako sa iyo sa mga pagtinginting lang sa iyo mula sa malayo. Noong una hindi ko pinapansin na... lumalakas ang tibok ng puso ko kapag nakikita kita. Pero nitong huli, hindi ko na napigil ang sarili ko. Kaya sinubukan kong lapitan ka at kausapin. Nagbakasakali ako na puwede kitang maging... kahit kaibigan lang muna.”

Nagpakatungu-tungo siya. Hiyang-hiya siya kay Raul na kung bakit ay hindi niya mawari. Hinawakan nito ang kamay niya at lalo pa siyang ninerbyos.

“Tell me, Katrina, may pag-asa ba ‘ko?”

“P-papaano akong maniniwalang mahal mo ako samantalang ang daming babaeng nagkakagusto sa iyo? Magaganda sila, sosyal at mayayaman. Ako...”

“Iba ka sa kanila. Kaya nga kita napansin.” Dinala nito ang kamay niya sa bibig nito, ginawaran ng halik ang likod ng mga daliri at nang ibaba ay hindi pa rin binitiwang. “Will you be my girlfriend?”

“Pero... hindi ako maganda. Hindi mo ako maipagmamalaki sa mga kaibigan mo.” Halos mapaiyak siya habang sinasabi iyon.

“Kahit kanino kaya kitang ipagmalaki. Matalino ka at mabait.” Itinaas nito ang mukha niya. “At walang puwedeng magsabi na di ka maganda. Para sa akin, ikaw ang pinakamagandang babaeng nakilala ko. I love you, Katrina. Do you love me, too?”

“Eh... a-ano...”

“Kung di mo ‘ko mahal, wala akong magagawa. Kung wala kang feelings para sa akin, hindi na kita guguluhin ulit.”

Lumungkot ang mukha ng binata at kaagad ay para itong susuko. Kinabahan tuloy siya, baka hindi na siya kausapin muli nito.

*Mabuti nga kung ganoon. Hindi na magugulo ang isip*

ko, sabi ng kanyang utak. Pero tumutol ang kanyang kalooban.

“P-puwede bang bigyan mo ako ng panahon?”  
aniya mayamaya.

“Panahon para saan?”

“Para... mapag-isipan...”

“Katrina, kung mahal mo rin ako, wala ka nang dapat na pag-isipan pa.”

“Hindi mo naiintindihan. Nangako ako sa mga nagpapaaral sa akin na hindi ako magpapaligaw at lalong hindi makikipagnoby.”

Hinaplos nito ang kanyang pisngi. “Hindi mo na dapat isipin ang kahit ano o ang kahit na sino. Kung mahal mo ako, ako lang ang iisipin mo.”

Muli siyang nagbaba ng tingin. “Huwag mo naman akong gipitin ng ganyan, Raul.”

Bumuntong-hininga ito. “Okay. Ibibigay ko ‘yung panahong hinihingi mo. Kung talagang kailangan mo ‘yon.” Nang umalis ito, alam ni Katrina na masama ang loob nito. Pati tuloy siya ay nawala sa kondisyon.

“HUWAG MONG SABIHIN sa akin na naniniwala ka sa mga pinagsasabi ng lalaking iyon.” Nakataas ang isang kilay ni Celia habang

pinapayuhan ang kaibigan na huwag basta bibigay sa mga boladas ni Raul.

“Mukha namang nagsasabi siya ng totoo, ah,” katuwiran niya.

“Diyos ko naman, Katrina! Parang di mo alam ang reputasyon ng lalaking iyon. Bolero iyon; sanay na magpasakay ng mga babae.”

Sumimangot siya. “Masyado mo naman akong nilalait. Porque ba ganito lang ang hitsura ko, hindi ka makapaniwala na magugustuhan ako ni Raul?”

“Come on, hindi ganyan ang ibig kong sabihin. Ako mismo ang nagsasabi sa iyo na maganda ka. Marami ka pang magagandang katangian. Kahit na sinong lalaki’y puwedeng magkagusto sa iyo. Pero hindi lahat ng maaaring magkagusto sa iyo ay seryoso.”

“Gusto mo bang sabihin na di ako seseryosohin ni Raul?”

“At sino ba ang babaeng sineryoso n’ on?” sarkastikong turan nito. “Marami na iyong naging girlfriend dito sa campus. Para lang iyong nagpapalit ng t-shirt kung magpalit ng girlfriend. Gusto mo bang matulad sa mga babaeng iyon?”

“Sinabi niyang mahal niya ako dahil iba ako sa

mga babaeng nagkakagusto sa kanya. At saka tingnan mo, 'yung mga nagiging girlfriends niya ang lumapit sa kanya. Pero ako, hindi ko ginawa 'yon. Siya ang kusang lumapit sa akin."

"At dahil doon magpapabola ka na sa kanya?"

"Ano ba'ng pinag-aalboroto mo, eh, hindi ko pa naman sinasagot 'yung tao?"

"Pinapaalalahanan lang kita. Alam kong crush mo siya kaya hindi malabong sagutin mo siya. Mag-isip-isip ka, Katrina."

Sumimangot siya at saka umirap.

## CHAPTER TWO

“**H**op in, Katrina. Isasabay na kita hanggang sa university,” sabi ni Raul na bumaba sa kotse nito. Nadaanan nito ang babae sa bus stop habang nag-aabang ng masasakyan.

Luminga si Katrina, nangamba na baka may nakakakilala sa kanya na nasa malapit lang at makapag-report sa ninang niya na sumakay siya sa kotse ng isang lalaki. Nang wala namang makitang kakilala ay nginitian niya ang binata habang hinihintay na ulitin nito ang pagyayaya sa kanya.

Binuksan nito ang harapang pinto ng kotse sa passenger’s side. “Halika na. Punuan ang mga dumadaang jeepneys at buses, baka hindi ka makasakay.”

“Salamat,” aniya.

Habang daan ay ibang bagay ang pinagkukuwentuhan nila. Pero nang malapit na sila sa campus ay inihinto ni Raul ang kotse nito sa gilid ng kalye.

“B-bakit?” tanong niya.

“Pagdating sa school baka hindi na tayo makapag-usap. I need to talk to you.”

“T-tungkol saan?”

“About us. Hiniling mo sa akin na bigyan kita ng panahon. Siguro naman sapat na ang panahong ibinigay ko sa iyo.”

Nagbaba siya ng ulo.

“Gaya ng sabi ko, hindi na naman sana kailangan pang pag-isipan kung sasagutin mo ako o hindi.”

“Nasabi ko na sa iyo kung ano ang dahilan ko. Magagalit sa akin ang ninang at tita ko kapag nalaman nila na...” Hindi niya itinuloy ang gustong sabihin.

“Ano naman ang ikagalit nila? Wala tayong gagawing masama. Kung gusto mo, kakausapin ko ang guardian mo at ako mismo ang—”

“Hindi! Huwag!” pigil niya. Natuwa siya sa suggestion na iyon ng lalaki dahil isang proof iyon na malinis ang layunin nito sa kanya. Pero alam niya na hindi rin iyon pupuwede.

“Bakit?”

“Hindi mo kilala ang Ninang Mercy ko. Kapag nakaharap ka niya’y iimbestigahan ka niya nang



todo. At lalo lang na hindi magiging maayos ang lahat kapag nalaman niya na... marami ka nang naging girlfriend sa school at may reputation ka ng... pagiging playboy.”

Lumungkot ang mukha nito. “Ibig sabihin, pinaniniwalaan mo pala ’yon. Di ba sinabi ko na sa iyong ang mga babaeng iyon ang kusang lumalapit sa akin?”

Ilang sandaling katahimikan ang dumaan. Nanatiling nakayuko si Katrina samantalang nakatutok sa harap ang paningin ni Raul. Mayamaya ay bumaling ito sa kanya.

“Hindi ko ginusto na magkaroon ng reputation na ganoon. Hindi naman iyon totoo. Besides, sinisikap ko na ngayong dumistansya sa mga babaeng panay ang sunod sa akin. Dahil sa iyo. Ikaw ang mahal ko. The truth is, ikaw lang ang talagang minahal ko.”

Nagtaas siya ng ulo at tumingin sa mga mata nito. “N-nagsasabi ka ba talaga ng totoo?”

“Yes. I’m in love with you. Now, tell me. Do you love me, too?”

Muli siyang tumungo. Kahit nakikita niya sa mga mata nito ang sincerity ay alanganin pa rin siyang magtapat ng tunay niyang damdamin.

Itinaas ng lalaki ang kanyang mukha. “Mahirap ba para sa iyo na sabihin kung ano ang feelings mo para sa akin?”

“Eh, kasi...”

“Maybe this’ll help,” anito, pagkatapos ay ikinulong sa mga kamay nito ang kanyang mukha. Kasunod niyon, dahan-dahan nitong inilapat ang labi sa kanyang labi.

Nagulat siya pero kasabay niyon ay nagtatalon ang puso niya. Napapikit siya dahil sa marahang pagkilos ng labi nito na nakadikit sa kanyang bibig na naghahatid sa kanya ng di-maipaliwanag na damdamin.

“Masasabi mo na ba ngayon kung ano ang nararamdaman mo para sa akin?” tanong nito nang iangat ang mukha. “Katrina?”

“I... I love you, too,” tila wala sa sariling nasabi niya.

Nagliwanag ang mukha ni Raul. “Talaga?”

“Yes.”

“Kung ganoon, girlfriend na kita?”

“K-kung gusto mo, eh.”

“Siyempre, iyon ang gusto ko. Muli nitong nilapatan ng mabilisang halik ang kanyang labi.

“Walang bawian, ha.”

Tumango siya. Pagkatapos niyon ay binuhay nitong muli ang makina ng kotse.

“Wait,” pigil niyang hinawakan ito sa braso.

“Ang mabuti pa, bababa na ‘ko rito. Kapag doon ako bumaba sa loob ng campus baka maging usap-usapan tayo ng ibang students.”

“So what? Mabuti ngang malaman nilang girlfriend na kita.”

Umiling-iling siya. “Hindi. Hindi puwede.”

“Bakit? Ikinahihiya mo ba ako?” May bahid ng tampo sa tinig nito.

“Paano mo naman naisip na ikinahihiya ko ang isang tulad mo? Ang inaalala ko lang baka makarating sa ninang ko na may boyfriend na ‘ko. Tiyak na kagagalan ako niyon.”

“I told you, kaya kong kausapin ang guardian mo.”

“Hindi nga puwede sa ngayon. Mas magkakaproblema tayo kapag nagkakarap kayo. Tiyak na pipilitin niya akong makipag-break sa iyo.”

“At hindi mo gagawin ‘yon, di ba?” anitong nakabaling sa kanya.

“E-ewan ko.” Nagbaba siya ng ulo. “Kaya nga

ayaw kong malaman ng ninang ko ang tungkol sa atin dahil baka hindi ko makayanang suwayin siya kung sakali.”

May ilang sandaling nag-isip ang lalaki. Mayamaya ay hinawakan nito ang kamay niya. “O, sige. Mabuti nga siguro na wala munang makaalam na may relasyon tayo.”

“Salamat at naiintindihan mo.” Pagkatapos na makipagpalitan ng ngiti sa bagong nobyo ay bumaba na siya ng kotse. Pinanood niya ang pagpasok ng magarang sasakyan sa loob ng campus habang nakasapo siya sa kumakabog pang dibdib. Pakiramdam niya ay naglulumundag pa rin ang kanyang puso sa saya kaya ni katiting ay wala siyang pagsisisi sa pangako niya sa dalawang taong nagbubuhos ng panahon sa kanya.

DI MAINTINDIHAN NI KATRINA kung pagkadismaya o pagkagulat ang gumuhit sa mukha ni Celia matapos nitong marinig ang sinabi niya.

“Sinagot mo na si Raul Balajadia?”

Luminga siya sa paligid. Nasa kantina sila ng universidad kaya nangamba siya na baka may makarinig sa pag-ulit nito sa ipinagtapat niya.

Hininaan niya ang pagsagot dito. “Bakit mukhang gulat na gulat ka? Alam mo namang nanliligaw siya sa akin, di ba? Alam mo rin na noon ko pa siya gusto.”

“Akala ko ba ayaw mo pang magnobyong?”

Napakamot siya sa ulo. “Mapilit siya, eh.”

“Paano kapag nalaman ‘yan ng Ninang Mercy mo? Tiyak na makakarating ‘yan pati sa Tita Agnes mo.”

“Kaya nga hindi natin dapat lakasan ang pag-uusap tungkol doon, eh.”

“Pero ako ang nag-aalala sa pakikipagrelasyon mo sa lalaking iyon. Paano kung lokohin ka niya?”

“Hindi niya gagawin sa akin ‘yan,” pagtatanggol niya sa nobyo.

“At paano kang nakakasiguro?” hamon nito.

“Dahil sinabi niya sa akin na mahal niya ako. At naniniwala ako sa kanya.”

“Obviously. Kaya mo nga siya sinagot, eh. Pero hindi mo ba naiisip na lahat ng naging girlfriend niya’y siguradong sinabihan niya ng ganyang mga salita?”

“Maaari. Pero sinabi niya sa akin na ako lang talaga ang mahal niya dahil iba ako sa lahat ng

babaeng nakilala niya," giit niya.

"Sa lahat ng babaeng nagdididikit sa kanya, sabihin mo," anito na umismid.

"Hindi naman lahat ng babaeng lumalapit sa kanya ay pinapatos niya. He was just being friendly with them."

"Sige, sige, hindi na 'ko magsasalita ng kahit ano tungkol sa lalaking iyon para hindi ka na magalit. Sana lang hindi ka lokohin ng Raul na iyon." Doon tinapos ng kaibigan ang pag-uusap nila.

Pagkalabas sa canteen ay natanaw nila si Raul na nakikipagkuwentuhan sa mga kaibigan nito na kinabibilangan din ng tatlong babae.

"Nakita mo na! Hayan at may kaharap na naman siyang mga babae," ani Celia na di nakatiis. Inilahad pa nito ang kamay pagawi sa kinaroroonan ng grupo.

"Ano naman ang masama r'on? Para kausap lang naman, ah. At saka tingnan mo, hindi naman siya nakikipag-usap doon sa mga babae. 'Yung kaibigan niyang si Donald ang kaharap niya."

"Eh, bakit ni hindi ka man lang yata niya sinusulyapan?"

"Dahil nga usapan namin na hindi muna namin ipapaalam ang tungkol sa relasyon namin sa kahit na

kanino.”

“Ang sabihin mo, baka ikinahihiya ka niya,”  
anitong umismid ulit.

“Celia!”

Itinaas nito ang dalawang kamay. “Okay, okay.  
Hindi na ako magsasalita. Halika na’t baka ma-late na  
tayo sa next subject natin.”

Kipkip ang mga libro at nakatungo ang ulo na  
sumabay si Katrina sa kaibigan sa paglalakad. Wala  
silang ibang daraanan kundi ang kinaroroonan ng  
grupo ni Raul. Wala naman siyang balak na sulyapan  
man lang ito, pero napahinto siya dahil sa pagbati ng  
kaibigan nitong si Donald.

“Hi, Katrina.”

Lumingon siya nang bahagya pero di nagsalita.  
Napansin niyang tumigil sa pagkukuwentuhan ang  
iba pang kabilang sa grupo at lahat ay tumingin sa  
kanya.

Wala namang sinabing kung ano si Donald.  
Itinuro lang nito sa kanya ang katabing si Raul.

Ni hindi nagbitaw ng ngiti ang nobyo nang  
sulyapan niya ito kaya hindi rin siya ngumiti.  
Tumalikod siya at itinuloy ang paglalakad.

“What was that all about?” narinig pa ng

magkaibigan na tanong ng isa sa tatlong babae.

“Hindi n’yo ba alam na lately ay kinakaibigan ni Raul ang popular sophomore na iyon?” sabi ni Donald.

Muling napahinto sa paglalakad si Celia. “Aren’t you going to do something? Pinag-uusapan ka ng mga iyon.”

“Hayaan mo sila, ano ka ba?” aniya.

“Really?” reaction ng isa pang babaeng kasama ng dalawang lalaki. “Bakit? Gusto mo bang magpaturo sa babaeng iyon sa mga lessons mo? Kunsabagay, popular nga ’yon dito dahil matalino raw sa klase.”

“At bakit ako magpapaturo sa kanya ng lessons ko?” sabat ni Raul. “Magkaiba kami ng course. Besides, kahit pareho pa kami ng course ay hindi ko pa rin gagawin iyon. Senior ako at sophomore pa lang siya.”

“So, bakit ka lumalapit sa kanya? Don’t tell me na nag-iba ka na ng tipo ngayon.” May halong kantyaw na ang mga salitang iyon.

“Bakit, hindi n’yo pa ba napapansin?” dagdag ng isang lalaking kaibigan din ni Raul. “Talagang nag-iba na ang taste ni Balajadia. Tingnan n’yo, hindi na niya



pinapansin ang mga tulad n'yo. You know why?"

"Why?" magkakapanabay na tanong ng tatlong babae.

"Dahil mga mukha na kayong bilasa sa kanyang paningin. Hindi tulad ni Katrina Aragon na parang bulaklak na sariwa, di pa totally namumukadkad pero kakaiba ang halimuyak."

"Katrina, kapag hindi nag-react ang boyfriend mo'y ako na'ng susupla sa mga hudas na 'yan!" banta ni Celia na namumula na sa pagpipigil.

"Bakit ba kasi naririto pa tayo?" Hinawakan ni Katrina sa braso ang kaibigan. "Halika na, mali-late na tayo."

Naisama na niya ito palayo kaya hindi na nila alam ang karugtong ng pag-uusap ng grupo.

## CHAPTER THREE

**K**inagabihan, inabot ng halos hatinggabi sa pag-aaral si Katrina. Nang matapos niya ang ginagawa ay naghikab siya at saka nag-inat. Iniligpit niya ang mga gamit at papasok na sana sa kanyang kuwarto nang tumunog ang telepono.

*Sino naman ang tatawag ng ganitong oras?* naitanong niya sa sarili. Bigla ay naisip niya ang kanyang Tita Agnes.

Nagmamadaling dinampot niya ang telepono. "Hello?"

"Katrina, it's me, Raul," anang nasa kabilang linya.

Napalinga siya sa paligid. Alam niyang tulog na ang Ninang Mercy niya pero nangamba siyang baka magising ito. "Paano mong nalaman itong phone number namin?" pabulong na tanong niya.

"Hinanap ko sa directory. Nakita ko kasi sa I.D. mo 'yung real name ng Ninang Mercy mo kaya madali kong nakita."

"Bakit ka tumawag?"

“Did I wake you up? I’m sorry. Hindi kasi ako makatulog nang hindi ka nakakausap.”

Lihim siyang kinilig sa sinabi nito. “Don’t worry. Hindi pa talaga ako natutulog. Nag-aaral ako.”

“It’s almost midnight. Baka mapuyat ka.”

“Hindi. Ang totoo niyan tapos na ‘ko sa ginagawa ko. Ikaw, bakit gising ka pa? Huwag mong sabihing kauwi mo pa lang.”

“No. Kanina pa ‘ko rito sa bahay. Hindi ako makatulog dahil sa kaiisip sa iyo.”

“Bakit mo ako iniisip?”

“Dahil sa nangyari kanina sa university. I know narinig mo ang sinabi ng mga kaibigan ko. I’m sorry, ni hindi ako nakapag-react.”

“Nagkasundo tayo na hindi muna ipapaalam kahit na kanino ang tungkol sa atin kaya naiintindihan kita. Besides, wala namang masama sa mga sinabi ng mga kaibigan mo.”

“Kahit na. Hindi ko gusto na nagiging topic ng ganoong usapan ang taong espesyal sa akin. Lalo na ikaw. Muntik ko na ngang masabing hindi ka nila dapat pag-usapan ng ganoon sa harapan ko dahil girlfriend na kita.”

Natawa si Katrina. “Ano kaya ang magiging

reaction nila kapag nalaman nila ang totoo?"

"Darating din ang oras na malalaman nila ang tungkol sa atin. Pero hindi pa dapat ngayon."

Medyo nagtaka siya. Parang si Raul na ngayon ang may gustong itago nila ang kanilang relasyon. "Teka, may gusto nga pala akong ihingi ng sorry sa iyo."

"Tungkol saan?"

"Nasabi ko kasi sa best friend kong si Celia na may relasyon na tayo. But don't worry, di naman niya iyon ipagsasabi."

"Walang problema kung pinagkakatiwalaan mo naman siya. Sana nga may kaibigan din akong mapagsasabihan kung gaano ako kasaya ngayon. Hindi ko kasi magagawa iyon sa grupo ko."

"You don't trust them?"

"It's not that I don't trust them. Kaya lang..."

"Kaya lang ano?"

"Wala, wala. Never mind," anito pero dinig na dinig niya ang paghugot nito ng hininga. Ilang sandali ang dumaan bago ito muling nagsalita.

"Katrina, I want to ask you something."

"Ano 'yon?"

"Halimbawang makagawa ako ng kasalanan sa

iyong, mapapatawad mo ba ako?"

Napakunot-noo siya. "Bakit ka nagtatanong ng ganyan? May balak ka bang gumawa ng kasalanan sa akin?"

"Siyempre wala. Ang ibig kong sabihin ay... paano kung hindi ko sinasadyang makagawa ng kasalanan sa iyo. Would you forgive me?"

"Kung hindi mo sinasadya, bakit hindi?"

Bakas ang galak sa boses ni Raul. "Salamat."

"Pero sana naman huwag mong gamiting reason 'yon para sadyang gumawa ng kasalanan. Mahal kita, Raul. Sana huwag mo akong saktan," pakiusap niya.

"Hinding-hindi, Katrina. Mahal din kita at kahit mga bata pa tayo, sasabihin ko sa iyong ikaw na ang gusto kong makasama habang-buhay. Tell me, ganoon din ba ang nasa isip mo?"

Sasagot na sana si Katrina na wala siyang ibang nanaising makasama sa buhay kundi ito kaya lang ay natigilan siya sa biglang paglitaw ni Mercy. Sa gulat ay naibaba niya ang telepono nang wala man lang abiso sa kanyang kausap.

"Hatinggabi na nasa telepono ka pa. Sino ba 'yung kausap mo?" tanong ng babae.

"Ho? Ah, si... si Celia ho, Ninang. May itinanong

lang siya sa akin tungkol dito sa lessons namin," kaila niya. Kaagad ay nakadama siya ng guilt. Ngayon lang siya nagsinungaling dito.

"Eh, bakit bigla mong ibinaba ang telepono?"

"N-nagulat ho kasi ako sa inyo, eh."

"O, di ka pa ba tapos diyan? Magmamadaling-araw na, ah."

"Tapos na ho. Inililigpit ko na nga itong mga gamit ko."

Naghikab ito. "Babalik na 'ko sa higaan. Pumasok ka na sa kuwarto mo at magpahinga. Baka tanghaliin ka ng gising."

Nang tumalikod ang ninang at pumasok sa kuwarto ay nakahinga nang maluwag si Katrina. Gayunpaman ay lihim siyang humingi ng tawad dito sa ginawa niyang pagsisinungaling.

KINABUKASAN, buong araw na inantabayanan ni Katrina si Raul sa university, pero natapos na at lahat ang kanyang klase ay hindi niya ito nakita. Gusto niyang magpaliwanag kung bakit niya ito napagbabaan ng telepono nang nagdaang gabi kaya niya ito hinahanap.

Nang pauwi na siya ay di-sinasadyang nakita

niya ang kotse nito sa harap ng isang bar di-kalayuan sa university. Hindi pa siya nakakalapit doon nang makita niyang lumabas ang lalaki sa bar, kasama ang mga kaibigan na nagkakatuwaan. Medyo humahapay ang ilan sa mga ito kaya halatang nakainom.

“Wala ka, Pare, mahina ka. Ang bilis mong sumuko,” kanyaw ni Donald, sabay tulak sa balikat ni Raul.

Nagkubli si Katrina sa isang van na nasa malapit lang para hindi siya makita ng mga ito.

“Oo na! Kanina ko pa nga inaamin na talo ako, di ba? Kaya nga tayo nagpunta sa place na ito. Dahil talo ako,” sagot ni Raul.

“Well, it’s really strange,” sabi naman ng isa na ang pangalan ay Eric. “Ngayon lang nangyari ito. Ngayon lang sumuko si Pareng Raul pagdating sa panliligaw sa isang babae. Kusa siyang umayaw, can you imagine that?”

Napakunot-noo siya.

“Kaya nga tigilan n’yo na ang pagbubuyo sa akin sa kung sinu-sinong babae,” ani Raul. Halata rin sa boses nito ang epekto ng alak. “Ayaw ko na ng ganoon, hindi ko na trip.”

*Sino kaya ang babaeng pinag-uusapan nila? tanong*

niya sa sarili. Siguro ay may babaeng pinaliligawan ang mga ito sa nobyo na hindi ginawa ng huli.

Patunay lang na nagbago na nga ito.

“Ang sabihin mo, napapanis na ang style mo. At alam mo ‘yon. Imagine, hindi naman maganda ang babaeng iyon pero inatrasan mo,” dagdag ng isa pa na ang pangalan ay Ritchie. “O, baka talagang ayaw mong magpagod. Ang gusto mo pa rin ay ‘yung halos ipagsiksikan sa iyo ang sarili.”

“No, hindi ganoon. Talaga lang ayaw ko na ng ganyang mga gawain. Hindi maganda ‘yan, mga pare. Hindi laruan ang mga babae,” ani Raul.

Nagkatawanan ang grupo. “Ow! Tama ba ang narinig ko?” saad ni Eric.

“Nagbago na si Balajadia! Nagpapakabait na siya. Baka may balak siyang magpari.”

“Tigilan n’yo nga ako,” natatawa ring saway ni Raul. “Ang mabuti pa, magsiuwi na kayo. Mga lasing na kayo.”

Nagkakantyan pa ring nagsipunta sa kani-kanyang sasakyan ang mga nakainom na lalaki. Halos magkakasunod na umalis ng kotse ng mga ito. Pinag-igi naman ni Katrina ang pagkukubli. Nang maiwang nag-iisa si Raul ay saka siya lumabas. Pasakay na rin



ito sa kotse nito nang lumapit siya.

“Katrina! What are you doing here?” nagulat na tanong nito, sabay linga. Akala kasi nito ay hindi pa nakakalayo ang mga nagsialis na kaibigan.

“Hindi ko sinasadyang mapadaan dito. Hindi ko alam na narito ka,” sagot niya. “Lasing ka?”

“Nakainom lang nang konti. Nagkayayaan kasi.”

“Hindi ka pumasok, ano?”

“Huwag mo na akong pagalitan.” Binuksan nito ang pinto ng kotse. “Halika, ihahatid na kita hanggang doon sa malapit sa inyo.”

“Magda-drive ka nang nakainom?”

Hinaplos nito ang pisngi niya. “Don’t worry. Hindi ako lasing kaya huwag kang matakot.”

DAHIL MEDYO KINAKABAHAN ay hindi kaagad kinausap ni Katrina ang nobyo.

“Bakit hindi ka umiimik?” tanong nito nang malayu-layo na ang natatakbo nila.

“Ayaw kong abalahin ka sa pagmamaneho. Nakainom ka na, baka tayo maaksidente,” sagot niya.

Natawa ito. “I told you not to worry. Kaya ko ito. Nag-iingat naman ako lalo na at sakay kita. Teka, bakit mo nga pala ako pinagbabaan ng telepono

"Gusto nga kitang makausap dahil doon. Bigla kasing lumapit sa akin si Ninang Mercy kagabi. Sa gulat ay naibaba ko ang telepono. Sorry, ha?"

"It's okay. Naisip ko na ngang ganoon ang nangyari."

"Siyanga pala, sino 'yung babaeng pinag-uusapan ninyo ng mga kaibigan mo kanina?" pag-iiba niya sa usapan.

Napatapak sa preno si Raul pero hindi naman tuluyang huminto ang sasakyan. "N-narinig mo'ng pag-uusap namin?"

"Yung ilang parte lang."

Doon nito tuluyang naihinto ang kotse. "Katrina, I... I can explain."

"Explain what? Wala kang dapat na i-explain."

Natigilan ito, medyo napanganga.

"Narinig kong mayroon yata silang gustong paligawan sa iyo. Pero sinabi rin nila na kusa mo iyong inatrasan. Wala ka nang dapat na ipaliwanag sa akin. Ngayon ako mas naniniwala sa mga sinabi mo sa akin dati." Nginitian niya ito. "Pero sino 'yung babaeng iyon?"

"Hindi mo narinig mula sa amin kung sino ang

babaeng iyon?"

"Hindi, kaya ko nga itinatanong sa iyo, eh."

Umiling ito. "It doesn't matter. Huwag mo na iyong alalahanin pa."

"Kilala ko ba siya?"

Masuyo itong tumingin sa kanya at saka muling umiling. "Hindi. At huwag mo na siyang kilalanin dahil hindi na 'yon mahalaga. Basta lagi mong iisipin na ikaw lang ang mahal ko."

Ngumiti siya nang matamis dito.